Kodigo ng asal

Mga karaniwang tuntunin sa tamang ugali

ZF Compliance.
The right way!

Índice

03 Paunang salita
04 Mga karapatan at mga responsibilidad
05 Makatarungan at pag-uugali ng malayang merkado
06 Paglaban sa korupsyon
08 Pag-iwas sa mga di-magkasundong mga interes
09 Panlipunang responsibllidad
10 Kaligtasan sa trabaho at proteksyon ng kalusugan at kapaligiran
11 Pagsunod sa produkto
12 Paggamit ng impormasyon
13 Mga abiso at mga ulat
14 Ang mga prinsipyo natin ay nagsasali
15 Contact

Kagalang-galang na mga kasamahan,

sa ating pinakahuling akwisisyon sa negosyo at nakatuon na estratehiya, pinalakas ng ZF ang kaniyang posisyon bilang global na lider sa industriya ng mga parte ng awto, na nakatuon sa kahusayan, katapatan, integridad at pag-uugali na sang-ayon sa lahat ng mga naaangkop na batas. Sa ZF, ang pagsunod ay isang mahalagang elemento sa pagtitiyak nitong patuloy na kahusayan at sa matagalang tagumpay ng ating kompanya. Ang mga ilegal na mga aktibidades ay hindi katanggap-tanggap at hindi maaaring pahintulutan at wala itong eksepsyon.

Inilalagay natin sa pinakamataas na prayoridad ang angkop, responsable at napapanatiling pag-uugali sa negosyo, kung saan ito ang batayan para sa pagtitiwalang itinatag natin kasama ng lipunan at ng ating mga customer, mga shareholder at mga kasosyo sa negosyo. Kailangan nating ipagpatuloy ang pagkamit ng tiwalang ito araw-araw. Upang maisagawa ito, kailangan nating ibatay ang ating mga aksyon sa pinakamatataas na pamantayan sa negosyo at etiko at mga pangako, mga angkop na mga batas at mga patakaran ng ZF.

Ang Kodigo ng Asal ay siyang susi sa pagkakamit at pagpapanatili ng ating direksyon, nagbibigay sa atin ng pundasyon para sa ating mga kahalagahan at ubod ng ating mga prinsipyo. Ang Kodigo ng Asal ay nagbibigay sa atin ng gabay sa harap ng mga katanungan hinggil sa tamang pag-uugali at pagsunod. Ang mga kahalagahang ito at mga ubod na prinsipyo ay nagtatatag ng mga pangunahing panuntunan na dapat gumabay sa atin sa ating mga desisyon sa negosyo. Napaka-importante na hindi lamang binabasa at naiintindihan ang mga kahalagahan at mga prinsipyo ng ating Kodigo ng Asal, kundi, bukod pa rito, ay sundin rin at mamuhay sang-ayon dito sa ating araw-araw na aktibidades sa negosyo.

Sama-sama, tayo ay responsable sa pagpapanatili at pagpapalaki ng antas ng pagtitiwala na naitatag natin sa araw-araw.

Friedrichshafen, Hulyo 2018

Wolf-Henning Scheider
Punong Ehekutibong Opisyal
ng ZF Friedrichshafen AG

Jürgen Holeksa
Miyembro ng Lupon ng Pamamahala
ng ZF Friedrichshafen AG

01 Mga karapatan at mga responsibilidad

Ang ating kompanya at tayong lahat ay may responsibilidad sa pagsunod ng mga naaangkop nabatas at mga panloob na alituntunin.

Ang lahat na ZF na empleyado ay personal na may responsibilidad upang itaguyod ang batas atupang sumunod sa mga panloob na alituntunin sa kanilang kapaligiran sa trabaho. Ang pinakaimportante para sa ZF ay ang pag-obserba sa mga probisyong takda ng batas at sa mgapanloob na alituntunin, gayundin ang pagsiguro ng resultang ayon sa batas at wastong ugali. Walang-transaksyon sa negosyo ang nagbibigay karapatan sa pagsuway ng mga legal at etikal na hangganan.

Tayo ay nagdadala ng responsibilidad para sa ating mga produkto at sa ating trabaho. Mayroon din tayong etikal na responsibilidad sa harap ng ating mga empleyado, lipunan, partner sa negosyo at sakapaligiran. Upang matupad itong responsibilidad na ito, lahat tayo ay dapat lang kumilos sa paraan na ayon sa batas, tapat, at responsable.

Lalo na, ang ating mga executive managers ay gumagarantiya, sa sakop ng kanilang awtoridad, pagsunod sa probisyong takda ng batas, panloob na mga alituntunin, at mga tuntunin ng Kodigo ngAsal. Ang lahat ng mga empleyado ay inaasahan nating ipaalam nila sa kanilang sarili ang mga nilalaman ng mga tuntuning ito at sundin ito, gayundin sa lahat ng mga tuntunin ng mga naaangkop na batas at himukin ang kanilang mga ulat at mga kasamahan upang gawin ang pareho.Ang ZF ay hindi pinahihintulutan ang anumang paglabag ng mga panloob na alituntunin o ng mga probisyongayon sa batas at susundan nito ang mga nabanggit na paglabag kahit ano pa ang posisyon ng empleyado sa herarkiya ng kompanya.

Inaaasahan din natin mula sa ating mga partner sa negosyo na sila ay susunod sa batas, mga karaniwang tinatanggap na standards ng panlipunang pananagutan, at ang ating batayang tuntunin ng integridad.

02 Makatarungan at pag-uugali ng malayang merkado

Sinasang-ayunan natin, nang walang paghihigpit, ang mga tuntunin ng makatarungan atmalayang kompetisyon bilang pangunahing komponento ng ekonomiyang merkado.

Makatarungang Kompetisyon

Ang lahat ng mga ZF na empleyado ay obligadong sumunod sa mga pangangailang kaugnay sa batasng anti-trust at sa batas ng kompetisyon.Ang ZF ay nagbabawal ng kahit anong ugali na naglalayon onagreresulta sa pagsasagabal, pagbabawal, o pagbabaluktot ng malaya at makatarungang kompetisyon.

Ang ating posisyong mapag-kompitensya ay batay lamang sa mga dahilan ng ating tagumpay sa negosyo, lalo na sa ating inobatibang lakas, kalidad,pagkamaaasahan, at pagkamakatarungan.Dahil dito, lagi tayong sumusunod sa mga naaangkop na batas ng antitrustat mga regulasyon, kungtayo ay nakikipag-ugnay sa mga kakumpitensya, mga partner sa negosyo, at sa ating mga end customers. Lalo na, hindi natin pinahihintulutan:

- Laban sa mapagkumpitensyang kontrata, mga kasunduan, o pakikipagsapakatan sa mga kasalukuyan o mga posibleng kakumpitensya, pati na rin, pero hindi limitado sa mga kasunduangnaglalayong i-fix ang mga presyo o mga premium, naglilimita ng mga uri o dami ng mga produktoo mga dini-deliver na mga serbisyo, bid rigging o paghahati-hati ng mga merkado;
- Pag-abuso ng namumunong posisyon sa natatanging merkado;
- Vertical na pakikipagsapakatan o sa mga kontrata (sa mga supplier o mga customers) upangi-set out, o upang talagang pamahalaan, pigilin o ibawal ang malaya at makatarungangkompetisyon sa paglabag ng mga naaangkop na batas.

Pag-control ng mga Export

Hinggil sa ating mga global na aktibidades at kapag naghahanap ng mga bagong merkado, tayo ayistriktong sumusunod sa mga internasyonal na regulasyon sa pangangalakal at naninindigan sa mgaregulasyon ng import at pag-control ng export, gayundin sa mga naaangkop na embargo sa ekonomiya.

03 Paglaban sa korupsyon

Bilang bahagi ng pagpapatakbo ng negosyosa buong mundo, hindi natin pinahihintulutan ang kahitanumang paraan ng korupsyon.

Pagbabawal ng Korupsyon

Angkorupsyon ay pinagbabawal ng mga internasyonal na kapulungan, ng mga pambansang batas, at mga panloob na alituntunin.An ZF ay hindi nagpapahintulot ng kahit anumang paraan ng pagsusuhol sa mga empleyado o mga kapartner sa negosyo, o kahit anong kasanayan ng negosyo na maaaringmaglikha ng impresyon ng hindi tamang impluwensya.Ito ay naaangkop kahit sa ano pa mang mgarehiyonal na kaugalian.

Lahat ng mga ZF na empleyado ay pinagbabawalan nang direkta o hindi direktang paghiling, pagtanggap, pag-aalok, o pagbibigay ngkalamangan sa mga transaksyon sa negosyo kung ito ay nakadisenyong hindi tapat na impluwensyahin ang mga pamamaraan ng negosyo, o kahit na ito ay para lang makalikha ng impresyon na ang mga ito ay nagagawa.Lalo na sa mga pakikitungo sa negosyo sa mga pampublikong opisyal at mga awtoridad sa Alemanya at sa ibang bansa, sinisiguradonatin na ang ating mga empleyado ay kumikilos ng may integridad. Maari lang isaisip na sa maramingbansang kung saan tayo gumagawa, ang mga kompanya ay madalas na pag-aari ngestado o kaya'ypinamumuhanan ng estado. Ang mga empleyado ng mga kompanyang ito ay maaaring ituring namga opisyal ng gobyerno, at kailangang ituring nang may nabubukod na pag-iingat.

Ang madaliang pagbabayad ay hindi pinahihintulutan. Ang madaliang pagbabayad ay mga pagbabayad sa mga pampublikong opisyal na ayon sa batas ay hindi kailangan, sa kadahilananghinihikayat nito ang mga pampublikong opisyal na madaliin okaya'y isakatupad ang isang opisyal nagawain kung saan ang karapatan para rito ay umiiral na.Ang pagbabawal ng madaliang pagbabayaday naaangkop kahit saan , kung ito man ay kabayaran sa mgaipinagbabawal ng naaangkop na lokal na batas o hindi.

Mga Regalo, mga Imbitasyon, at mga iba pang Pabuya

Pagdating sa pagbibigayo pagtanggap ng mga pabuya sa paraan ng mga regalo o kaya'y mga imbitasyon, tayo ay istriktong naninigurado na sila ay hindi ilegal o hindi karapat-dapat at ang mga ito ay walang itsurang hindi tapat o may maling pag-uugali.Hindi rin natin pinahihintulutan ang mga pabuya namaaaring pagmulan ng duda hinggil sa ating integridad o kaya'y magmukhang naiimpluwensya angmga desisyon sa negosyo. Ang mga ganitong itsura ay maaaring maging bunga ng mga pabuyang mali anghalaga, sakop, kadalasan at/o kaya'y panahon ng pag-

bibigay. Ang mga kadahilanang ito ay maaaring maglikha ng impresyon na maaaring maghintay ng konsiderasyon mula satumatanggap ng mga pabuya.

Mga Donasyon

Kalinya ng ating panlipunang responsibilidad sa kalakal, tayo ay nagbibigay ng mga donasyon upangmapabuti ang edukasyon, kultura, panlipunan o kaya'y makataong dahilan, at isports.Ang mga donasyon ay hindi dapat mapa-ugnay sa kahit ano pa mang kontrang pagganap para sa ZF.

Sponsorship

Ginagamit natin ang atingmga aktibidades sa isponsoring upang regular na masundan angating sariling paanunsyo at layunin sa public relations.Sa kabuuan, sinisigurado na may angkop at malinaw na mga pamamaraan.

Money laundering

Ang money laundering ay isang termino na ginagamit upang isalarawan ang proseso ng paglilipat ng peramula sa mga ilegal na pinagkukunan o aktibidad sa negosyo papunta sa mga lehitimong channels upang ang orihinal na pinagkunan ay hindi matunton, na kung saan ito ay nagmumukhang angpera ay legal na nakamtan.Tayo ay nakipagsundong umasiste sa internasyonal na pakikibaka laban sa money laundering at nag-adopt ng mga naaangkop na mga panukala para tumupad sa mgamay kaugnayang probisyon.

Transparensya at dokumentasyon

Sa loob ng ZF, tumatayo tayo sa lubusang transparensya sa lahat ng ating mga relasyongpangkalakal, mga desisyon at mga aktibidades.Sinisiguro natin ito sa pamamagitan ng mganakasulat na dokumentasyon at sa pamamagitan ng mga regular na pagsusuri.Sa pagsunod saating layuning maging matagumpay at mapagpalakas na aktibidad sa negosyo, inaakit natin angating mga parokyano sa pamamagitan ng ating mga produkto, mga inobasyon, kalidad at serbisyo.

Pareho sa panloob at panlabas na pagtatamo ng impormasyon, ang mga rekord, at ang mga ulat aykailangang maging makatotohanan, wasto at kumpleto.Inaasahan natin sa ating mga empleyado ang paggamit nang buong ingat sa lahat ng mga proseso pati na rin sapag-obserba ng mga wastongpamantayan.Kasama rin dito, lalo na ang pag-obserba ng mga pangkaraniwang tanggap na tuntunin sa accounting.

04 Pag-iwas sa mga di-magkasundong mga interes

Tayo ay gumagawa ng mga desisyon na ayon sa pagsasaalang-alang ng negosyo at para sa interes ng kompanya.Tinitiyak natin na ang mga desisyon sa negosyo ay hindi nai-impluwensya ng mga pribadoo mga personal na interes.

Di-magkasundong mga Interes

Sa loob ng grupo ng ZF, tayo ay gumagawa ng mga desisyong eksklusibo batay sa pagsasaalang-alang sa negosyo at para sa mga interes ng kompanya. Tinitiyak natin na hindi maaaring magbigay ng impresyon ng kahit anumang pag-aasal na di-hawig sa pangkalakal.

Inaaasahan natin sa ating mga empleyado na manatiling obyektibo sa lahat ng mga pangyayari at tiyakin na ang kanilang paghatol ay hindi impluwensyado ng personal o pampamilyang interes.

Lahat ng mga empleyado ng ZF ay kailangang agad-agad magpa-alam sa atin tungkol sa mga sitwasyong, kung saan ang kanilang personal na interes ay salungat sa mga interes ng ZF at dapatkumunsulta sa mga may pananagutang superyor upang matiyak na ang naaang-kop na aksyon aymaisagawa upang maiwasan o malutas ang di-magkasundong interes.

Pangalawang Trabaho at mga Paglahok

Hinihikayat natin at sinusuportahan ang mga aktibidades na kusang-loob ng ating mga empleyadosa mga klab o kaya'y sa ibang mga institusyon, kung ang mga aktibidades na ito ay hindi kontra sa mga interes ng ZF at hindi lumalabag sa mga tungkulin na itinakda sa kontrata ng pagtatrabaho.
Ang pangalawang trabaho at (pagkamakatao) paglahok sa isang kompanya na di-kabilang sa ZF o salbang organisasyon ay hindi dapat makapahina sa mga interes ng ZF na Grupo.Ito rin ay nangangailangan ng pagbubunyag at paunang pagsang-ayon ayon sa mga tuntunin ng mga batas sapaggawa.

05
Panlipunang responsibllidad

Tinatanggap natin ang pangkalakal at panlipunang responsibilidad at ipinapalagay natin na ito ayang susing dahilan sa ating napapanatilingtagumpay sa kalakal.

Makataong Karapatan

Iginagalang natin at sinusuportahan ang mga makataong karapatan na internasyonal na kinikilala.Lalo na, tayo ay nangakong tugunan angating pangkalakal at panlipunang responsibilidad sa pamamagitan ng ating pagsapi sa United Nations Global Compact.

Ginagawa natin ang lahat upang makalikha ng klima sa ating mga empleyado at ng mga may kaugnaysa ating mga kapartner sa negosyo na maaaring isalarawan sa pamamagitan ng paggalang sa isa't-isa,pagtitiwala, pagpaparaya, at pagkamakatarungan.Iginagalang din natin ang dignidad, pribado, at ang mga personal na karapatan ng bawat indibidwal.

Pagtanggi sa Pangangalakal ng Tao, Sapilitang Trabaho at Trabaho ng Bata

Tinatanggihan natin ang pangangalakal ng tao, sapilitang trabaho at trabaho ng bata.Ang lahat ng trabahong ginagawa sa Grupo ng ZF ay dapat kusang-loob.Sinusuportahan din natin ang pagbibigay-wakas sa pang-aalipin, sapilitang trabaho at mapagsamantalang trabaho ng bata. Sa ZF, lagi natingsinusunod ang minimum na edad para sa pagtatrabaho na nakasulat sa pambansang batas.

Pagkakapantay-pantay at Pantay-pantay na Pagkakataon

Hindi natin pinapahintulutan ang kahit anong diskriminasyon sa kadahilanan ng lahi, kasarian, relihiyon, edad, nasyonalidad, panlipunan o etnikong pinagmulan, kapansanan, paniniwala, sekswal na oryentasyon, o pampulitika at pangkalakal na pakikipag-ugnay ng unyon, at mga iba pang katangiang protektado ng naaangkop na batas.

Ang mga alituntunin na ito ay ginagamit sa pagrekruta ng mga bagong empleyado, sa mga empleyadong may balidong kontrata ng pagtatrabaho, at sa propesyonal na pag-promote ng mgaempleyado natin.Sa katapusan nito, ang mga kadahilanang nagdedesisyon lamang ay ang pagganap, personalidad, karanasan, mga kakayahan/kasanayan, at mga kwalipikasyon.

06 Kaligtasan sa trabaho at proteksyon ng kalusugan at kapaligiran

Ang kaligtasan sa trabaho, at ang pagpapanatili at pagtataguyod ng kalusugan, fitness at kasiyahan sa trabaho ng ating mga empleyado, kasama ng pagbabawas ng polyusyon sa kapaligiran ang mgasaligang alituntunin na inilalagay sa pagpapatakbo ng negosyo.

Sa loob ng ZF Grupo, ating tinutupad ang mga ayon sa batas na pangangailangan at mga pamantayanpara sa kaligtasan, malusog na kapaligiran sa pagtatrabaho at gumagawa ng angkop na panukala upang ang mga ito ay matiyak.Ang ating mga empleyado ay kinakailangang tumupad sa mga ayon sabatas at panloob na kalusugan at kaligtasan at sa mga kinakailangan para sa kalusugan habang nasakanilang trabaho.

Iginagalang natin ang natural na tahanan ng ating planeta at tayo ay nangangakong pangalagaan ang mga likas na kayamanan at bawasan ang polyusyon sa kapaligiran.Ang pangakong ito upang magpalakas ng proteksyon sa kapaligiran ang bumubuo ng batayan para sa ating trabaho.

Ayon sa mga alituntuning ito, tayo ay nangangako ng mga disenyo ng mga produktong magiliw sa kapaligiran, binabawasan ang bagsak ng mga proseso ng ating negosyo sa kapaligiran, patuloy na pinabubuti ang paggamit ng enerhiya at pagsisikap sa kapaligiran, at pagtatatag ng ating sarili bilangmodelong global.

07 Pagsunod sa produkto

“Maka-batas, tapat, at responsableng pag-uugali ay isang sentral na komponente ng ating pang-kalakalang kultura.”

Board of Management, ZF Friedrichshafen AG

Ang pagsunod sa produkto ay importanteng priyoridad para sa ZF.

Itinataguyod ng ZF ang pinakamatataas na pamantayan sa legal at etikal na pag-uugali at tapat sa paggawa ng mataas na kalidad ng mga produkto na ligtas at sumusunod sa naaangkop na mga batas,mga regulasyon atmga pamantayan.Ang mga prinsipyong ito ay ipinatutupad sa pamamagitan ng mga patakaran, mga proseso at mga istruktura ng ZF, at ang lahat ng mga empleyado ng ZF ay itinataguyod sa mga pamantayan na ito.

08
Paggamit ng impormasyon

Tinitiyak natin at pino-protektahan ang pagkalihim ng mga sensitibong impormasyon, data at mga sikreto sa negosyo.

Proteksyon ng mga Lihim na Impormasyon

Ang ating kakayahan sa pagbabago ay napakaimportanteng kadahilanan sa paligsahang internasyonal. Para sa ZF, bilang tagapamuno sa teknolohiyang global, nagpoprotekta ng mga karapatan sa pag-aaring intelektwal at sa kadalubhasaan, kaya ito napakahalaga.

Sa kadahilanang ito kaya natin tinitiyak na ang mga sensitibong pangnegosyo, teknikal at pinansyal na impormasyon, know-how at pangkalakalang mga sikreto ay angkop na pinoprotektahan at hindi ipinapasa nang walang awtorisasyon. Dahil din sa parehong lawak na ito, iginagalang rin natin ang mga sikreto ng negosyo ng ating mga kapartner sa negosyo at ng ating mga kakumpetensya.

Angating mga empleyado ay nakasailalim sa tungkuling panatilihing lihim ang mga sensitibong mgalmpormasyon at an gating mga sikreto sa negosyo ay kumpidensyal.

Proteksyon ng Data

Sa lahat ng mga proseso sa negosyo, ginagarantiyahan natin ang proteksyon para sa karapatang pribado, sa pagtalima sa mga balidong batas.Bukod pa rito, naitatag na natin ang mga alituntunin para sa pagtalakay ng mga personal na impormasyon na dapat obserbahan sa buong mundo.

Seguridad ng IT

Ang kakayahang magamit at integridad ng ating IT systems ay napakahalaga.Ang personal at ugnay sa negosyong impormasyon ay protektado laban sa mga hindi awtorisadong pagkuha, pagkawala o manipulasyon na gumagamit ng lahat ng mga teknikal at organisasyonal na paraang magagamit.Ito ay isinasagawa sa pagsasaalang-alang sa mga naaangkop na pambansang pagbabatas.

Sa kadahilanang ito ang ZF ay nagtayo ng dokumentado, suportado, aprubado at napapanatiling proseso para sa epektibong Information Security Management System (ISMS), na tumitiyak sa proteksyon ng ating kadalubhasaan at gayun din ng sa ating mga customer.

Impormasyong Tagaloob

Ang impormasyong tagaloob ay ang lahat ng mga impormasyong hindi pampubliko na isasa-alang
-alang na makabuluhan ng mga mamumuhunan para sa kanilang desisyon sa pamumuhunan.Ang mga ganitong impormasyong tagaloob ay dapat tinatratong mahigpit na lihim.Ito ay hindi pwedengmagamit ng ikatlong partido.Ang pagtatamo at pagbebenta, o kaya'y pagrerekomenda na bumili omagbenta ng mga mahahalagang papelbatay sa impormasyong tagaloob ay bawal.

09 Mga abiso at mga ulat

Hinihiling natin at itinataguyod ang malinaw na aktibidades sa negosyo. Kalinya nito ang paniniwala na angating mga empleyado ay maaaring makipagugnay nang may pagtitiwala sa atin sa ano mang oras.

Bilang paraan ng pagprotekta laban sa mga aksyong-nakakasira sa kompanya, hinahadlangan ang white-collar na krimen, pinoprotektahan ang mga empleyado, bawat empleyado ay hinihimok na i-ulat ang kriminal na ugali, kakulangan, o mga natatanging risiko sa kompanya.Ang mga empleyado ay maaaring gumamit ng karaniwang mga channel sa pag-uulat (superior, Compliance Organization, Human Resources department, audit department, o kaya'y ang taong pinakasunod na responsible para sa kanila).Dagdag pa rito, meron din tayong anonymous na channel sa pag-uulat para sa mga pagkukulang sa pagsunod sa ZF Trustline:
https://www.bkms-system.net/Trustline

Ang pagiging kumpidensyal ng mga ulat ng mga empleyado, mga tanong at mga alalahanin ay dapatmapanatili hanggang maaari.Sinusundan din natin ang lahat ng mga ulat at gumagawa ng mga hakbang upang mapigilan kung kinakailangan. Sa loob ng proseso na ito, tinatanggihan natin ang lahat ng paraan ng diskriminasyon laban sa mga taong nag-uulat ng mga ganitong pangyayari sa atin nang may mabuting pakay. Gayunpaman, ang sadyang paggamit ng Trustline sa mapagabusong paraan (i.e. pag-file ng ulat na may masamang pakay) ay bawal rin.

Ang kasamaang asal at mga paglabag sa mga naaangkop na probisyong ayon sa batas, sa mga panloob na tuntunin, at sa Kodigo ng Asal ay hindi maaaring pahintulutan.Kapag nagsasagawa ng kahit na ano mang kinakailangang panukala, inaadopt natin ang tuntunin ng pagkaproporsyonado, kung saan ibig sabihin, na bawat kaso ay maingat na sinusuri, kung saan ang kalalabasan ay angkop, akma, at kinakailangan, kasama subalit hindi limitado sa pagwawakas ng trabaho.

Ang mga prinsipyo natin ay nagsasali

Contact

Ang ating mga empleyado na may mga katanungan o duda sa ugali hinggil sa pagsunod sa mga nabanggit na mga patakaran ay maaaring kumontak sa kanilang superyor sa lahat ng oras.Dagdag pa rito, ang Compliance Organization, lalo na ang Compliance Helpdesk, ay laging handang sumuporta sa ating mga empleyado sa lahat ng mga bagay ngpagsunod.

Contact compliance
E-Mail: compliance@zf.com

Ang ating mga empleyado ay makakakita ng dagdag na impormasyon sa intranet sa
https://sl.zf-world.com/Compliance

ZF Friedrichshafen AG
ZF Forum | Headquarters
Löwentaler Straße 20
88046 Friedrichshafen
Germany

www.zf.com

twitter.com/zf_konzern
facebook.com/zffriedrichshafen
youtube.com/zffriedrichshafenag